KALATAS
Opisyal na Pahayagan ng Rebolusyonaryong Mamamayan ng Timog Katagalugan

TOMO 43 BILANG 10 | BASAHIN AT TALAKAYIN | OKTUBRE 2023

EDITORYAL

# Demokratikong rebolusyong bayan ang tunay na magpapalaya sa uring magsasaka

Ang mga magsasaka ang bumubuo ng mayorya o hindi bababa sa 60% ng mga Pilipino sa bansa. Tinatayang pito sa sampu sa kanila ang wala o kulang sa lupa. Karaniwan silang nakikisaka sa mga asyenda at plantasyon o sa iba pang tituladong lupa ng mga panginoong maylupa (PML) at malalaking burgesya kumprador (MBK) kapalit ang napakataas na upa sa lupa, napakababang pasahod at interes sa pautang. Pinahihirapan din sila ng napakababang presyo ng produktong bukid at nagmamahalang *farm inputs* at pangunahing bilihin. Nagpapasasa ang imperyalismong US, kasabwat ang uring PML at MBK sa pawis at dugo ng mga magsasaka sa pamamagitan ng mga neoliberal na patakaran na ipinatutupad ng papet na estado.

Malaon nang pinahihirapan ng pyudal at malapyudal na pagsasamantala ang mga magsasaka mula kolonyalismong Spain, pananakop ng imperyalismong US, pasistang pananalakay ng Japan hanggang sa muling pagbabalik ng US at pagtatatag ng papet na republika. Noong kolonyalismong Spain, laganap ang pangangamkam ng lupain ng mga magsasaka at bansa kasabay ng pagpapatupad ng enkomyenda at kalaunan ay ng sistemang asyenda. Resulta nito, naging laganap ang pyudal na mga pagsasamantala sa anyo ng mataas na kolonyal na pagbubuwis, arbitraryong pagtataas ng upa sa lupa ng mga prayle at pagpapatupad ng sistemang *polo* na nagpasiklab sa hindi bababa 300 pag-aaklas ng mga magsasaka at mamamayan na tumungo sa rebolusyong 1896.

Sa pagsakop ng US sa Pilipinas, pinanatili nito ang pyudalismo at inangkin ang likas na yaman at lupa ng bansa bilang mayor na garantiyang magiging panlipunang base nito ang Pilipinas. Ipinatupad ang sistemang kalakal na nakasalig sa pag-aangkat ng yaring produkto at pagluluwas ng mga hilaw na materyales para sa mga industriya ng imperyalista; direkta at di-direktang pamumuhunan ng US sa bansa at pagpapautang.



# KALATAS

Oktubre 2023
TOMO 43 BILANG 10


NILALAMAN


1 Demorkatikong rebolusyong bayan ang tunay na magpapalaya sa uring magsasaka

3 Ayon kay Ka Joma

4 Batangas Gold Project: Ginto para sa dayuhan, delubyo sa mamamayan

6 Saloobin ng mga guro sa krisis sa pagkatuto at kalagayan ng edukasyon

7 Balitang TO: BHB sa Mindoro at Batangas, binigwasan ang AFP

8 Tugon ni PdG: Hinggil sa pumutok na armadong paglaban ng sambayanang Palestino laban sa Israel at US

9 'Ilitaw at palayain ang mga hors de combat na kasapi ng NPA Mindoro'

10 Mga anomalya sa Eleksyon 2022, inilantad

11 Kilos Protesta: Magsasaka ng TK nagmartsa-karaban para sa lupa, pagkain at hustisya

12 Kultura: Anong nangyari sa eleksyong 2022?



*Ang KALATAS ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Inilalathala ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM) at ng Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan.*

*Inaanyayahan ng pamatnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahi, balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan. Ito ay tumatanggap ng mga liham sa:*

dagundong.tk@gmail.com

archive.org/details/@southern_tagalog_revolutionary_portal


Nailuwal ang malapyudal na kalagayan na nagsadlak sa ekonomya ng Pilipinas tungong atrasado, agraryan at pre-industriyal. Manipestasyon nito ang konsentrasyon ng malalawak na lupain sa kamay ng mga PML at MBK, hiwa-hiwalay at maliitang pagsasaka sa kanayunan; mababang antas at pribadong mekanisasyon ng agrikultura sa hanay ng mayamang magsasaka at mga PML habang atrasado ang pagsasaka sa malaking bahagi ng kanayunan. Samantala, walang kapasidad ang bansa sa pagpoproseso ng sariling mga hilaw na materyales at ang mga nagsisulputang industriya ay silbing taga-asembol ng hiwa-hiwalay na pyesa o gumagawa lamang ng kaunting pagpoproseso para sa pagtitipid ng kapitalista. Dahil walang sariling batayang industriya, inaangkat pa nito ang mga kagamitan sa pagsasaka mula kemikal na mga *input* hanggang makinarya.

Itinayo ng imperyalismong US ang papet na estado upang tupdin ang interes nito sa ekonomya. Kasabwat ang lokal na naghaharing uri, nagpakana sila ng mga huwad na reporma sa lupa upang linlangin lamang ang mga magsasaka at ilayo sila sa landas ng demokratikong rebolusyong bayan (DRB).

Bilang bagong kinatawan ng naghaharing paksyon, pinasisidhi ni Marcos Jr. ang paghihirap ng masang magsasaka. Itinalaga niya ang sarili bilang kalihim ng Department of Agriculture at pinahintulutan ang todo-todong liberalisasyon ng mga produktong agrikultural sa tabing ng pagpapababa ng presyo ng mga pangunahing bilihin. Bigo ito at lalupang naghudyat ng kagutuman ng mga magsasaka dahil bagsak-presyo ang mga produktong bukid sa *farmgate*. Sa Timog Katagalugan nasa ₱14-19 lamang ang presyo ng palay, at ₱20-28 ang kopra. Ang mga kartel at ismagler na kasabwat ng pamilya Marcos ang nakinabang sa kairalang ito dahil kontrolado nila ang labas-masok ng mga produkto at presyo sa pamilihan.

Sumasahol ang pang-aagaw sa lupa sa bisa ng mga patakarang nagrerekonsentra nito sa kamay ng PML, MBK at dayuhang kapitalista. Sa bisa ng *land use conversion*, paliit nang paliit ang lupa ng magsasaka at pinapalayas pa ang mga katutubo mula sa kanilang lupaing ninuno. Ipinagkakaloob ng reaksyunaryong estado ang lupa ng bayan sa mga minahan, proyektong ekoturismo, enerhiya, komersyo at luho ng mayayaman. Iginagawad din ang malalawak na lupa at karagatan sa imperyalismong US para gawing base at pasilidad militar. Nagdudulot ito ng dislokasyon sa kabuhayan at tirahan at perwisyo sa mamamayan. Tampok dito ang mga proyektong mina sa Batangas, Mindoro, Palawan at Romblon; mga dam sa Sierra Madre; mga proyektong enerhiya sa Mindoro, Laguna, Batangas, Rizal at Quezon; at mga base militar ng US sa Oyster Bay at Balabac Island sa Palawan.

Dapat puspusang makibaka ang mga magsasaka para sa tunay na reporma sa lupa at karapatan. Hindi sila dapat magpalinlang sa ipinagmamalaking New Agrarian Emancipation Act na diumano'y nagpapawalambisa sa mga utang ng mga magsasaka sa ilalim ng Comprehensive Agrarian Reform Program. Dapat ding ilantad ang pagiging huwad ng modernisasyon sa agrikultura ng Masagana 150 o 200 ni Marcos Jr. Higit nitong ibabaon ang mga magsasaka sa utang bunsod ng mamahaling binhi, abono at pestisidyo.

Kailangang palakasin ng mga magsasaka ang kanilang hanay sa gitna ng pang-aatake ng estado upang supilin ang kanilang makatarungang pakikibaka. Ginagamit nito ang AFP-PNP-CAFGU sa paghahasik ng takot at teror sa hanay ng mamamayan. Militarisado

ang kanayunan at dumarami ang mga kaso ng pagpatay sa magsasaka. Sa unang taon ni Marcos Jr., 51 sa 103 kaso ng pagpaslang ay may kinalaman sa lupa.

Sa gitna nito, kapugay-pugay ang nagpapatuloy na pakikibaka ng mga magsasaka para ipaglaban ang kanilang karapatan. Sa rehiyon, walang-patid ang panawagan ng mga magtutubó na muling buksan ang ilóhan sa Central Azucarera de Don Pedro, Inc. at isapubliko ang pag-aari nito. Masiglang nakikibaka ang mamamayan sa rehiyon laban sa mga proyektong mina, dam at ekoturismo. Binabaklas ng mga magsasaka ang mga bakod at inookupa ang lupang inagaw mula sa kanila. Patuloy na pinasisigla ang mga bungkalan at barikada ng mga samahang magsasaka.

Marapat lamang na ipagpatuloy ng mga magsasaka ang kanilang makasaysayang paglaban. Ang mga magsasaka ang balon ng mga Katipunero na nakibaka laban sa kolonyalismong Spain. Ito rin ang malaking pwersang magiting na lumaban sa mga mananakop na US at Japan. Ito ang pangunahing pwersa ng rebolusyong Pilipino para palayain ang bayan mula sa imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo.

Upang lumaya ang magsasaka, dapat ipagtagumpay ang DRB na pinamumunuan ng Partido Komunista ng Pilipinas. Ang paglutas sa problema sa lupa ang puso ng DRB. Isinusulong nito ang tunay na repormang agraryo at pambansang industriyalisasyon. Makakamit ito sa salimbayang pagsusulong ng tatlong sangkap ng matagalang digmang bayan: rebolusyong agraryo (RA), armadong pakikibaka at pagtatayo ng baseng bukid.

Sa RA, ibinabagsak ang kapangyarihang pampulitika at pang-ekonomiya ng mga PML sa pagsusulong ng mga minimum hanggang maksimum na mga layunin ng programa. Ang minimum na programa ay pagpapababa ng upa sa lupa, pagpawi sa usura, pagpapataas ng sahod ng manggagawang bukid, pagpawi sa usura, pagtataas ng presyo ng mga produktong bukid at pagpapababa ng presyo ng *farm inputs*. Maksimum na programa nito ang kumpiskasyon at libreng pamamahagi ng lupa sa kulang at walang lupang magsasaka. Pamalagiang layunin nito ang pagbubunsod ng kooperasyon at pagpapataas ng produksyon ng mga magsasaka.

Kailangang sumalig ang mga magsasaka sa armadong paglaban dahil hindi ikakaloob ng mga naghaharing uri at imperyalismong US ang karapatan sa lupa at kabuhayan. Ang Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang tunay na hukbo ng masang magsasaka at sandata nito laban sa naghaharing sistema. Ipinagtatanggol ng BHB ang mga magsasaka laban sa pang-aatake ng AFP-PNP-CAFGU. Pinarurusahan ng BHB ang mga despotikong PML at pinupuksa ang mga sindikato sa kanayunan. Nasa puu-puong libong ektaryang lupa ang naipamahagi sa mga magsasaka sa buong rehiyon. Pagsasabuhay ito ng tinuran ni Kasamang Mao Zedong, na "…kung walang Hukbo, wala ni anuman ang mamamayan". Sa harap ng paggamit ng dahas laban sa mga magsasaka upang bawiin ang tagumpay ng RA at ibayo pang ibaon sila sa pagkaalipin sa lupa, napapanahong palakasin ang BHB sa pamamagitan ng maramihang pagpapasampa mula sa hanay ng mga magsasaka upang patuloy na bigwasan ang pasistang AFP-PNP-CAFGU na instrumento ng mga mangangamkam ng lupa.

Organisahin at pakilusin ang lahat ng aping magsasaka sa kanayunan. Buuin ang mga ganap na samahang magsasaka sa ilalim ng Pambansang Katipunan ng Magbubukid. Makipagkaisa sa iba pang mga aping uri upang mabuo ang malapad na kalasag ng mamamayang Pilipino laban sa pang-aatake sa kanilang karapatan. Nararapat ding itayo ang mga organo ng kapangyarihang pampulitika bilang binhi ng demokratikong gubyernong bayan sa kanayunan at kabayanan.

Matabang lupa ang kasalukuyang sitwasyon upang sumulong at kumilos ang mga magsasaka para sa kanilang karapatan sa lupa at hustisyang panlipunan. Sa pagtahak sa DRB, maaliwalas ang bukas na naghihintay para sa uring magsasaka at lahat ng aping uri. K




"Walang mapagpipilian ang masang magsasaka at manggagawang-bukid kundi magtanggol at lumaban. Lumilinaw sa kanila na makakamit lamang ang tunay na reporma sa lupa sa pamamagitan ng rebolusyonaryong pakikibaka. Makaaasa ang magsasaka na matutugunan ang kanilang mithiin sa lupa dahil mayroon silang masasandigan na rebolusyonaryong Partido, Hukbong Bayan at pambansang nagkakaisang prente na magagamit upang wakasan ang imperyalista at pyudal na paghahari sa ating lipunan."

*- Mensahe ng Pakikiisa sa KASAMA-TK*
*Setyembre 29, 1999*

# Batangas Gold Project: Ginto para sa dayuhan, delubyo sa mamamayan

*"Sa inyo ang ginto, sa amin ang guho!"*

Ito ang sigaw ng pagtutol ng mamamayan ng bayan ng Lobo, Batangas sa proyektong minang isasagawa ng Bluebird Merchant Ventures Ltd, isang kumpanya ng British Virgin Islands, katuwang ang Mindoro Resources Limited (MRL) Inc. na siyang nagsasagawa ng eksplorasyon at lokal na kumpanyang Alpha-Diggers Inc.

Noong Setyembre 2022 ay inanunsyo ng Bluebird Merchant Ventures Ltd ang pagpayag ng Department of Environment and Natural Resources (DENR) sa dalawang taong ekstensyon ng eksplorasyon ng mina.

Ipinagmamayabang ng Bluebird Merchant Ventures na suportado ng gubyerno ng Pilipinas ang humigit kumulang 2,175 ektaryang Batangas Gold Project (BGP) na nasa ilalim ng Mineral Production Sharing Agreement (MPSA) sa loob ng 25 taon.

Ang BGP ay resulta ng pakana ng ilehitimong rehimeng US-Marcos-Duterte na akitin ang mga dayuhang korporasyon sa pagmimina sa kapinsalaan ng mamamayan. Sa kanyang itinutulak na *charter change*, nais ni Marcos Jr. na alisin ang anumang restriksyon sa dayuhang pagmamay-ari sa likas na yaman ng Pilipinas, kabilang na ang mga kabundukan at sakahan. Ito ang nagbibigay kumpyansa at seguridad sa mga kumpanyang katulad ng Bluebird Merchant Ventures at MRL na maiuuwi nila ang limpak-limpak na gintong kanilang huhuthutin sa Batangas.

Sa pamamagitan ng Mining Act of 1995, maluwag na kinakamkam ng mga dayuhang kapitalista at kasabwat na burukrata kapitalista ang mga sakahan, kabundukan at maging lupaing ninuno para sa operasyong mina. Ang batas na ito ang nagbibigay ng eksklusibong karapatan sa mga kumpanya ng mina sa saklaw ng kanilang MPSA sa humigit 25 taon. Binibigyan din nito ang Bluebird Merchant Ventures at iba pang kumpanyang mina ng pagmamay-ari sa lahat ng iba pang yaman na kanilang saklaw tulad ng troso, buhangin, bato at iba pa.

**Apat na dekada ng pangangamkam at paglaban**

Ang kasaysayan ng pag-aangkin ng yamang mineral ng bayan ng Lobo ay nagsimula pa noong 1986 nang mag*claim* ng karapatan sa mina ang Resource Mineral Exploration Corporation. Mula dito ay ibinenta na ang karapatang ito sa Galactica Mineral Exploration Corporation noong 1988 na siyang nagbenta naman sa Apical Mining Corporation noong 1997. Taong 2000 ay ibinenta naman ng Apical Mining Corporation ang karapatan sa Egerton Gold Philippines Inc. (EGPI), isang Canadian na kumpanya na kumuha sa Mindoro Resources Limited Gold Philippines upang isagawa ang eksplorasyon o paghahanap ng konsentrasyon ng ginto sa lugar.

Gayundin, noong 2003 ay kumuha ang Egerton ng *exploration permit* (EP) sa Mines and Geosciences Bureau (MGB) Region 4 na nagbigay ng karapatang magsagawa ng eksplorasyon o paghahanap ng ginto sa mga bayan ng Lobo at San Juan.

Nakuha din ng Egerton ang EP ng Kumakata Mining Company Inc. at Lambunao Mining Company Inc. na kapwa pagmamay-ari ng Phelps Dodge Exploration Corporation sa mga potensyal na pagkunan ng ginto sa nalalabing bahagi ng bayan.

Nagtuluy-tuloy ang eksplorasyon ng MRL hanggang sa taong 2015 ay inilipat din ng Egerton ang operasyon sa pagmimina sa Red Mountain Mining.

Dumaluyong ang pagtutol ng mamamayan ng Lobo sa proyektong mina. Mula sa hanay ng mga magsasaka, maralita hanggang sa mga propesyunal ng Batangas State University at iba pang institusyon ay nagprotesta at lumahok sa mga dayalogo hanggang sa maitulak ang Sangguniang Bayan ng Lobo na iatras ang kanilang pag-apruba sa mina. Gayunman, dahil sa makadayuhan at para sa iilang oryentasyon ng reaksyunaryong estado, hindi nito pinahintulutan ang *moratorium* o tuluyang pagpapatigil sa mga operasyong mina sa Lobo at sa buong Batangas.

**BGP: ginto para sa dayuhan, delubyo para sa mamamayan**

Tila magnanakaw sa gabi ang Bluebird Merchant Ventures at ang mga kasabwat na lokal na burukrata sa pagpipilit ng mapangwasak na operasyong mina sa ilalim ng ilehitimong rehimeng Marcos-Duterte. Dalawang mayor na proyektong mina ang isasagawa sa ilalim ng BGP — ang 1,164 ektaryang Lobo Project at 1,011 ektaryang Archangel Project.

Ayon mismo sa MRL at Bluebird Merchant Ventures humigit kumulang 440,000 *ounces* ng ginto at nasa 606,000 *ounces* pilak

ang matatagpuan sa kabundukan ng Lobo. Sa presyong $1,922 kada *ounce*, tinatayang nasa ₱46.5 bilyon ang kikitain ng Bluebird Merchant Ventures at MRL sa ginto pa lamang. Kung tutuusin, hindi pa rito kabilang ang iba pang mineral na makukuha sa Lobo.

Tinataya ng kumpanya na mababawi na nila ang puhunan ng buong operasyong mina sa loob lamang ng 14 na buwan. Ibig sabihin, ang kikitain ng Bluebird Merchant Ventures, Alpha Diggers at MRL sa nalalabing 23 taon at 10 buwan ay malinis na tubo.

Sa kabilang banda, impyerno ang maiiwan sa mga direktang apektadong mamamayan ng mga barangay ng Mabilog na Bundok, Nagtalontong, Nagtoctoc, Balibago at Sawang, at ng lahat ng umaasa sa kabuhayan mula sa kabundukan ng Lobo.

Ang mga kabundukang papasabugin ng mina ay maiiwang isang dambuhalang ukab na magdudulot ng pagbaha at pagguho ng lupa. Mawawalan ng tirahan kapwa ang mga tao at mga hayop at lalasunin ng mga *toxic* na kemikal tulad ng *cyanide* ang lahat ng mga ilog hanggang sa dagat. Sisirain din ng proyektong mina ang Verde Island Passage (VIP) na idineklarang sentro ng sentro ng *marine biodiversity* sa buong mundo.

Ilusyon ang pangakong kaunlaran dulot ng mina. Ayon mismo sa Sangguniang Bayan ng Lobo noong 2015, nasa ₱800,000 lamang ang perang makukuha ng pamahalaan sa buong proseso ng mina, barya lamang sa bilyong pisong iuuwi ng Bluebird Merchant Ventures at MRL. Gayundin, huwad ang ibinabanderang paglikha ng trabaho dahil sa katunayan ay nasa 144 lamang na lokal na residente ang ieempleyo ng mina sa operasyon nito. Samantala, libu-libo ang mawawalan ng sakahan, pangisdaan at tirahan dahil sa mina.


**AFP-PNP-CAFGU, tagapagtanggol ng mina**

Sa muling pag-usad ng proyektong mina, mga asong sunud-sunuran ang berdugong 59th IBPA, PNP-SWAT, CAFGU at SCAA sa utos ng dayuhang kapitalista at bulok na gubyerno. Matagalan at maramihan nilang sinusuyod ang mga kabundukan ng Lobo upang maghasik ng teror at pipilan ang paglaban ng mga tutol sa mina.

Regular silang naglulunsad ng *focused military* at *retooled community support program operations*. Gumagawa rin sila ng mga pekeng engkwentro upang patagalin ang kanilang mga operasyon. Takot at pangamba ang hatid ng sunud-sunod na paglipad ng mga *unmanned aerial vehicles* o *drones* na nagsasarbeylans sa mamamayan. Dagdag pa, gumagamit din ng *drone* sa pagmamapa sa kalupaan ng Lobo para makakuha ng impormasyon hinggil sa pisikal na tereyn ng lugar na pakikinibangan kapwa ng kumpanya ng mina at militar.

Walang panlilinlang ng papet na estado o pananakot ng berdugong militar ang pipigil sa pagtutol at paglaban ng mamamayang Batangueño sa mapangwasak na pagmimina. Higit sa lahat, ibayo lamang nitong pahihigpitin ang ugnayan ng masa at Bagong Hukbong Bayan na siyang magiging lakas na magpapahinto sa pandarambong sa kalikasan at pagdisloka ng kabuhayan.

## ALAM N'YO BA?




- Ang Lobo ay nasa ikaapat na distrito ng Batangas
- 41,504 mamamayan ang nakatira rito
- Nasa 19,268 ektarya ang lawak ng lupain, at 14,933 ektarya nito ay agrikultural
- Mayor na produkto nito ang palay, mais, niyog, gulay, prutas, isda at mga lamang ugat
- Pinalilibutan ng mga kabundukan ng Naguiling, Nalayag, Nagpatong at Bangkalan
- Mayroong napakataas na konsentrasyon ng ginto at iba pang mineral
- Ang mga bulubundukin ay pinagmumulan ng malinis na tubig ng mga residente at karatig-bayan
- Sa mga kabundukan naninirahan ang mga ibong kalaw, baboy ramo at iba pang protektadong hayop


# Saloobin ng mga guro sa krisis sa pagkatuto at kalagayan ng edukasyon

Binubuo ng mga guro ang signipikanteng bilang ng mga manggagawa ng reaksyunaryong gubyerno. Noong 2021, tinatayang nasa 900,000 ang bilang ng lahat ng guro sa mga pampublikong paaralan. Sa CALABARZON, mayroong 104,508 guro sa elementarya (Grade 1-6), *junior high school* (Grade 7-10) at *senior high school* (Grade 11-12). Sila ay nasa ilalim ng pangangasiwa ng Department of Education (DepEd).

Ang mga guro ang pangunahing inaasahang magturo sa mga batang magbasa, magsulat at magkwenta upang magpaunlad ng kanilang kaalaman at gamitin ito para paunlarin ang lipunan at buhay ng mamamayan. Mabigat na ang tungkuling ito ngunit lalo pang bumibigat dahil sa kabulukan ng sistema ng edukasyon at kasalukuyang rumaragasang krisis pang-ekonomya sa bansa. Nakapanayam ng Kalatas ang ilang guro mula sa CALABARZON upang malaman ang kanilang saloobin hinggil sa estado ng edukasyon at panawagan para sa kagalingan ng kanilang sektor.

**Krisis sa pagkatuto**

Ibinahagi sa mga guro ang bagong labas na pag-aaral ng World Bank (WB) na nagsabing ang tantos ng *learning poverty* o krisis sa pagkatuto sa Pilipinas ay 91% noong 2022. Ayon sa WB, ang kakulangan ng mga guro sa *mastery* o pagkabisa sa kanilang itinuturo ang isa sa mga salik sa mataas na tantos ng krisis sa pagkatuto. Isa rin umano ang Pilipinas sa mga bansa kung saan hindi epektibo ang pamamaraan sa pagtuturo.



May katotohanan sa ulat ng WB, pagtingin ni Teacher Donny, tatlong taon nang guro at kasalukuyang teacher ng Science, Technology Engineering and Math (STEM) sa *senior high*. Naranasan na niyang magturo ng *subject* na hindi kasama sa kanyang *specialty* o pinagkadalubhasaan noong kolehiyo.

“Mahirap kung aaralin pa ng *teacher* ang pinaka-*basic* (batayan) na ituturo nya sa simula dahil hindi lalabas yung *mastery*. Kawawa ang mga bata,” ani Donnie.

Para naman kay Teacher Faye, 14 taon nang nagtuturo at kasalukuyang guro sa elementarya, dapat ding tingnan “ang kalusugan ng mag-aaral, kung *conducive* (nakatutulong) ba sa pag-aaral ang klasrum, may sapat bang *instructional materials* at iba pa.”

Idinaing din ng isang guro ang bigat ng kanilang mga administratibong tungkulin na nakababawas sa kanilang pokus sa pagtuturo. Halimbawa nito ang pagkukumpleto ng mga *report*. Mas mahirap ito para sa mga nagiging *class adviser*. “Hindi talaga namin maibibigay ang *best* (pinakamagaling) namin dahil napapagod kami sa mga gawaing hindi para sa pagtuturo,” ani Teacher Hanna, guro ng *subject* na English sa *junior high*.

Sa solusyon ng Department of Education na bagong kurikulum na Matatag K-10, nagpahayag ang ilang guro na bukas silang subukan ito upang makita kung epektibo. Dagdag ni Teacher Aya, gurong 17 taon na sa serbisyo, “Ang problema ay kakulangan sa guro. Dahil sa dami ng bilang ng bawat *section*, hindi natututukan ng guro ang mga bata na nahuhuli sa pagkatuto. Wala ring edukasyon ang magulang kaya walang *follow up* sa bahay.”

Mayroon ding mga gurong hindi nasasapatan sa pagbabago ng kurikulum gaya nina Teacher Beth at Donnie. Ani Teacher Donnie, “Nagbago na tayo ng kurikulum dati pero lumala pa ang problema.”

Sa pang-araw-araw na paggampan sa tungkulin, hinaharap ng mga gurong nakapanayam ang kakulangan sa mga pasilidad at pagpapabaya ng estado sa edukasyon. Sa karanasan ni Teacher Donnie, kulang ang mga klasrum at walang *armrest* ang mga upuan habang kina Teacher Beth ay hindi sapat ang bilang ng mga aklat sa dami ng estudyante. Karaniwan ang tatlong *shift* ng estudyante sa mga paaralan. Sa eskwelahan naman nina Teacher Fe, guro ng Science sa *junior high* at 14 taon nang nagtuturo, kulang ang mga upuan at kagamitan ng mga bata.

Dumidiskarte ang mga guro upang maangkupan ang sitwasyon at mairaos ang pagtuturo. Mayroong nagsabing nanghihingi siya ng donasyon mula sa mga magulang at iba pang miyembro ng kanilang komunidad para ipambili ng gamit ng mga mag-aaral. Ang mga estudyante ay nag-iipon din ng sariling pondong pambili ng *electric fan*.

**Kalagayan ng mga guro**

Pamalagiang isipin ng mga guro ang pagiging kapos ng kanilang sahod para tugunan ang kanilang gastusin lalo ngayong nagtaasan ang presyo ng mga bilihin at bayarin sa tubig, kuryente at *internet*. Lalo itong mabigat sa mga umaaktong *breadwinner* o mayor na naghahanapbuhay sa kanilang pamilya.

Nasa pagitan ng ₱27,000-31,000 ang sahod ng mga nakapanayam na guro. Karamihan sa kanila ay wala nang ibang pinagkakakitaan. Ang mga may dagdag na hanapbuhay ay nagtu-*tutor* o nagbebenta ng mga produkto.

"Ang sahod ng Teacher 1 ay ₱27,000, ngunit ito ay binabawasan ng *tax*, GSIS at iba pang ahensya kaya malaki ang kaltas," ani Teacher Hanna.

Problema na nga kung paano pagkakasyahin ang sahod, dagdag pasanin pa ng mga guro ang pagka-antala ng pagbibigay nito nang hanggang tatlong buwan. Napipilitan silang mangutang sa bangko, mag-*loan* o *home credit* upang makaagapay sa mga gastusin. Kwento ng isang guro, nakaranas siyang mag-neto na lamang ng ₱7,000 sa isang buwan mula sa sahod na ₱28,000 dahil sa laki ng kanyang bayarin sa *loan*.

Nang ikumpara ang sahod ng mga guro sa sweldo ng mga pinakamababang opisyal ng AFP (₱43,829) at bagong *enlist* na sundalo (₱29,688), nagpahayag ang mga guro na sana'y itaas rin ang kanilang sahod. Ika nga ni Teacher Aya, "*unfair*" o hindi ito patas dahil mas maraming trabaho sa sektor ng edukasyon.

"Wala namang ginawang matino ang militar sa paglipas ng mga taon. Sila pa ang mas *notorious* sa mga krimen tulad ng kotong, korapsyon, *extrajudicial killings*," dagdag ni Teacher Donnie.

Hiling ng mga guro na bigyang atensyon din ng gubyerno at ng DepEd ang kanilang kalagayan at maging ng mga estudyante. Galit si Teacher Beth sa ginawa ni DepEd Sec. Sara Duterte na pag-ubos sa ₱125 milyong *confidential and intelligence funds* sa loob ng 11 araw o katumbas ng higit ₱11 milyon kada araw. "Ang mga estudyante kong Grade 6 ay P5 lang ang baon at ang ulam sa kanin ay itlog o tuyo araw-araw. 'Di sila makabili ng *notebook* kapag naubos na ang susulatan," kwento niya.

Mensahe ni Teacher Beth kay Duterte, "Ibalik mo sa taumbayan ang perang winaldas mo at bumaba ka na sa pwesto."

*BALITANG TO*



## BHB sa Mindoro at Batangas, binigwasan ang AFP

Tagumpay na nagtanggol ng sarili at nag-opensiba ang mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Mindoro at Batangas sa dalawang labanan noong Oktubre 15 at 16. Nagtamo ang AFP ng pinakamababang siyam na patay at iba pang kaswalti.

Noong Oktubre 16, 9:45 ng umaga, inilunsad ng Eduardo Dagli Command (EDC)-BHB Batangas ang isang dagliang ambus sa Brgy. Bignay, Lobo. Natanaw ng mga Pulang mandirigma ang nag-ooperasyong 59th IBPA at kagyat na pumwesto at tinambangan ang mga pasista. Pinapasok nila sa *killing zone* ang mga ito bago pinasabugan ng *command detonated explosive* at pinaputukan. Lima ang patay sa hanay ng 59th IBPA habang ligtas na nakaatras ang mga Pulang mandirigma. Sa lubha ng tinamong pinsala, hindi nakaganting-putok ang mga buhong na militar.

Bago ito, nagkaroon din ng labanan sa pagitan ng BHB Batangas at 59th IBPA sa parehong barangay noong Oktubre 15, bandang 9:40 ng umaga. Aktibong nagdepensa ang yunit ng EDC at binigo ang atake ng 59th IBPA.

Inilinaw ng EDC-BHB Batangas na pekeng balita ang ipinakakalat ng 59th IBPA na labanan sa Brgy. Guinhawa, Taysan kung saan "nakasamsam" umano ang mga pasista ng armas at iba pang kagamitan ng Pulang hukbo noong Oktubre 13.

Samantala, aktibong nakapagdepensa rin ang isang yunit ng Lucio de Guzman Command (LdGC)-BHB Mindoro sa umaatakeng pwersa ng 76th IBPA sa Sityo Sapang Dagat, Brgy. Malu, Bansud, Oriental Mindoro noong Oktubre 16, ganap na 7:30 ng umaga. Apat ang inulat na inilabas na patay sa panig ng 76th IBPA. Nagpalipad ng helikopter ang AFP bilang bahagi ng *pursuit operations* nito.

"Nangangangarap nang gising ang ilehitimong rehimen na malipol ang BHB sa loob ng termino nito. Hindi kailanman matatalo ang BHB dahil batid ng mamamayang Pilipino na ito ang kanilang tunay na hukbo na nagtataguyod sa kanilang pambansa-demokratikong mithiin," pahayag ni Armando Cienfuego, tagapagsalita ng BHB-Timog Katagalugan.

**TUGON**
*ni*
PATNUBAY DE GUIA

# Ano ang pagtingin ng rebolusyonaryong kilusan sa pumutok na armadong paglaban ng sambayanang Palestino laban sa Israel at US?

*Iisa lamang ang paraan para pawiin ang digma at iyon ay ang labanan ang digma sa pamamagitan ng digma, labanan ang kontra-rebolusyonaryong digma sa pamamagitan ng rebolusyonaryong digma, labanan ang pambansang kontra-rebolusyonaryong digma sa pamamagitan ng pambansang rebolusyonaryong digma at labanan ang kontra-rebolusyonaryong makauring digma sa pamamagitan ng rebolusyonaryong makauring digma…*

*- Mao Zedong, Mga Usapin sa Estratehiya sa Rebolusyonaryong Digma ng Tsina, Disyembre 1936*

Ang pumutok na armadong opensiba ng Izz ad-Din al-Qassam Brigade noong Oktubre 7 ay isang pag-aalsang inilunsad ng sambayanang Palestino para sa pambansang kalayaan at pagpapasya-sa-sarili. Tinawag na Operation Al-Aqsa Flood ang pagpapakawala ng 5,000 *missiles* ng armadong grupo ng Hamas, isang pampulitikang grupo ng mga Palestino sa Gaza. Tinarget ng mga *missile* na ito ang mga kampo militar ng Israel taliwas sa ipinakakalat ng *mainstream media* na kontrolado ng imperyalismo at Zionistang Israel na tumama sa mga sibilyan. Malinaw na idineklara ng Hamas na ang kanilang pag-atake ay isang depensibong digmang tugon ng mamamayang Palestino sa mapamuksang digma ng US-Israel. Sinalubong ito ng malawak na suporta ng iba't ibang grupo para sa pagpapalaya ng sambayanang Palestino, ganundin ng iba pang grupo at kilusan ng mamamayan at mga bansa sa iba't ibang bahagi ng daigdig.

Samantala, tinugon ito ng Zionistang estado ng Israel at mga kakampi nitong imperyalista sa pangunguna ng US ng labis-labis na kalupitan. Walang kaparis sa kasaysayan ng Palestino ang paghulog ng hindi bababa sa 6,000 bomba sa loob lamang ng anim na araw sa 35,000 ektaryang saklaw ng Gaza Strip. Katumbas ito ng 1,000 bomba bawat araw na puminsala nang labis sa mga sibilyan kabilang ang 800 bata. Ang masahol pa, iginigiit ng kampon ng pasismo-terorismong US ang 'karapatan ng Israel na magdepensa' at itinatanggi mismo ni US President Joe Biden ang tindi ng kaswalidad na tinatamo ng mga Palestino, laluna ang pinsala sa mga sibilyan.

Nakikiisa at sinusuportahan ng buong kilusang rebolusyonaryo sa Pilipinas, sa pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas, ang makatarungang pakikibaka ng sambayanang Palestino para igiit ang pambansang soberanya, pagpapasya-sa-sarili at bawiin ang kanilang bayang ipinagkait sa kanila ng imperyalismo at Zionismo.

Makatarungan ang armadong pakikibaka ng sambayanang Palestino laban sa US at Zionistang Israel na 75-taon nang nananakop at naglulunsad ng henosidyo sa kanilang lahi. Sa pagtatapos ng World War I, sinakop ng noo'y imperyo ng Great Britain ang buong saklaw ng nagaping imperyong Ottoman kabilang ang Palestine. Taong 1920 kinilala ng San Remo Conference ng mga




*Protesta ng mga Pilipino sa labas ng Israeli Embassy sa Metro Manila laban sa pang-aatake ng Israel sa Gaza Strip. Litrato mula sa Al Jazeera.*

imperyalistang bansang nagtagumpay sa WWI ang 1917 Balfour Declaration ng imperyalistang Britain na pagbibigay ng pambansang tahanan para sa mga Jew sa bahagi ng Palestine. Pagdating ng 1947, sa bisa ng isang resolusyon sa United Nations, ipinanukala ang paghahati sa Palestine sa dalawa: isang para sa mga Arabo (katutubong Palestino) at isa para sa mga Jew. Ito na ang magiging hudyat ng matagalan at malawakang pag-atake at pagsakop sa teritoryo ng mga Palestino na lulundo sa pagtatatag ng Zionistang estado ng Israel na suportado ng US at iba pang imperyalistang bansang Kanluranin. Iniresulta nito ang dislokasyon ng malaking bilang ng mga Palestino kung saan 500 komunidad ang winasak, 15,000 ang pinatay at higit 700,000 ang napalayas sa kanilang sariling bansa. Tinagurian itong isang malaking sakuna o Al Nakba sa kasaysayan ng mga Palestino. Marahas na inagaw ng Israel ang 78% ng kalupaan ng Palestine at tanging ang West Bank at ang makitid na Gaza Strip ang itinira sa mga Palestino. Milyung-milyong Palestino ang nagsisiksikan sa West Bank at Gaza na ngayo'y pinipira-piraso pa ng walang-humpay na paglupig ng sabwatang Zionistang Israel at US. Sa labis pang kalupitan ng estado ng Israel, ginawa nitong isang malaking hawla ang Gaza—pinalibutan ng pader at mga bakal na harang at bantay-sarado ng Israel Defense Forces. Samantala, ang West Bank ay ipinailalim rin sa kontrol ng pasistang estado ng Israel.

*“...upang wakasan ang imperyalistang pagsaklot sa buong daigdig, dapat maglunsad ng pambansang digma ang mga kolonya at malakolonya para sa pambansa at panlipunang pagpapalaya at sosyalismo.”*

Tuluy-tuloy na binuhusan ng pondo ng imperyalismong US ang gubyerno ng Israel para pagsilbihin itong piyon sa kanyang imperyalistang paghahari at pagkontrol sa Middle East at North Africa na mayaman sa minang langis. Taun-taon nitong nilalaanan ng $3 bilyong ayudang militar ang Israel, ang pinakamalaking nakatatanggap ng dayuhang tulong ng US mula WWII. Tinambakan rin nito ng mga armas at kagamitang militar ang papet na Zionistang estado liban pa sa ibinibigay ng iba pang kaalyado ng US sa North Atlantic Treaty Organization (NATO). Bukod sa pagpuksa sa lahi ng mga Palestino, instrumento ng US ang Israel para gipitin at unti-unti pang sakupin ang mga karatig-bansa nitong Lebanon, Syria, Turkey at Egypt. Ginawa nitong ekstensyon ng kanyang industriyang militar ang Israel sa pagmamanupaktura ng mga armas at kagamitang pandigma na suportado ng pinakamalalaking kumpanyang militar ng US.

Para pilit na palabasing “makatarungan” ang kanilang pananakop at pagpuksa sa mga Palestino, pinondohan at sistematikong kinontrol din ng US at mga kaalyadong nitong imperyalistang bansa ang burgis na Kanluraning midya para hulmahin ang opinyong publiko pabor sa kanila. Ibinuslo nila sa katawagang ‘terorismo’ ang makatarungang pag-aalsa ng mga Palestino at ginawang mga ‘kriminal’ at ‘terorista’ ang lahat ng lumalaban sa Israel.

Ang brutal na pang-aatake at malupit na okupasyon ng mga pwersang Israel sa kanilang bayan ang nagtulak sa mamamayang Palestino na lumaban at mag-armas. Tulad ng dinaranas ng pinakamaraming aping mamamayan ng daigdig na nagdurusa sa daan-taong paghahari ng kolonyalismo at imperyalismo, wala nang ibang pinaka-makatarungang tugon kundi ang mag-armas at maglunsad ng digmang bayan. Muhing-muhi sila sa US, Israel at iba pang imperyalistang bansang pasimuno ng kaguluhan at kahirapan sa buong daigdig. Para sa kanila, kinakatawan ng US, Israel at mga kaalyadong bansa sa NATO ang estilong-Nazi na pagpuksa sa noo’y mga Hudyo (Jews) at ngayon nama’y pagpuksa sa mga Palestino at iba pang lahi. Sina Israel Prime Minister Benjamin Netanyahu at US President Biden ang makabagong Hitler at hari ng pasismo at terorismo hindi lamang sa Palestine kundi sa buong daigdig.

Naninindigan ang kilusang rebolusyonaryo sa Pilipinas na upang wakasan ang imperyalistang pagsaklot sa buong daigdig na naghahatid ng walang-kaparis na kahirapan at pagdurusa, dapat maglunsad ng pambansang digma ang mga kolonya at malakolonya para sa pambansa at panlipunang pagpapalaya at sosyalismo. Dapat labanan at harapin ng rebolusyonaryong digma ng mamamayan sa lahat ng aping bayan sa buong daigdig ang imperyalismo at dala nitong mapanupil na gera, tulad ng pambansa-demokratikong pakikibakang bayan sa Pilipinas sa pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas. Katugon at kasabay nito ang paglulunsad ng mga sosyalistang rebolusyon ng uring manggagawa kasama ang iba pang aping mamamayan sa mga bansang pinaghaharian ng kapitalismo laluna sa mga imperyalistang bansa sa mundo. Pinatunayan ng kasaysayan na kakayaning magapi ng determinado at nagkakaisang pagkilos ng aping mamamayan ng daigdig sa pangunguna ng uring manggagawa sa pamamagitan ng kanyang proletaryong partidong pampulitika, ang reaksyunaryo at di-makatarungang digma ng imperyalismo at mga alipures nito gaano man ito katindi at kabangis. K

BALITA

# ‘Ilitaw at palayain ang mga *hors de combat* na kasapi ng NPA Mindoro’

Hinamon ng Lucio de Guzman Command - BHB-Mindoro ang AFP-PNP na ilitaw at palayain ang dalawang kasapi ng BHB na sina Sonny “Ka Ed” Rogelio at Sonny “Ka Omeng” Sambutan. Pinaniniwalaang nabihag sila ng 203rd Brigade at PNP-SAF matapos ang isang engkwentro noong Oktubre 17 sa Sityo Manambao, Brgy. Santa Cruz, Bongabong, Oriental Mindoro.

Napahiwalay sina Ka Ed at Ka Omeng mula sa umatras na mayor na pwersa ng yunit ng BHB Mindoro matapos ang nasabing labanan. Sugatan si Ka Ed at isang *hors de combat* o wala sa katayuang lumaban.

Batay sa imbestigasyon ng BHB Mindoro, nasugatan sa labanan si Ka Ed kaya’t inabot at nahuli ng kaaway kasama ang kanyang kabadi na si Ka Omeng. Kinumpirma ito ng mga impormasyong nakalap ng BHB Mindoro mula sa hanay mismo ng ilang elemento ng 203rd Bde at

PNP-MIMAROPA. Labag sa internasyunal na makataong batas, inilihim ng 203rd Bde at ng PNP-MIMAROPA ang pagkakahuli sa dalawa. Katunayan, naglabas ng pahayag si PMaj. Darwin B. Hernandez, *acting* Battalion Commander ng 10th SAB kaugnay sa naganap na labanan, kasama ang mga litrato ng mga nakumpiska nilang mga kagamitan ni Ka Ed, ngunit inilingid ang pagkakahuli nila sa dalawang mandirigma ng BHB.

"Nangangamba ang BHB-Mindoro sa sinapit at maaaring sapitin nina Ka Ed at Ka Omeng sa kamay ng AFP-PNP na may madugong rekord pagdating sa karapatang tao," pahayag ni Madaay Gasic, tagapagsalita ng LdGC - BHB Mindoro.


Sina Ka Ed at Ka Omeng ay dapat ituring na mga bihag ng digma (*prisoner of war* o POW) na nagtataglay ng mga karapatan sa ilalim ng Geneva Convention Relative to the Treatment of Prisoners of War (August 12, 1949). Nakasaad sa Part II, Article 13 ng nasabing kumbensyon na ang mga POW ay dapat makataong tratuhin sa lahat ng pagkakataon. Ipinagbabawal ang pananakit, pagtortyur at pagganti sa kanila ng kalabang pwersa na siya ring nagdedetine sa kanila.

"Dapat igalang at itaguyod ang karapatan ng mga POW at ng mga kasapi ng BHB bilang nakikidigmang pwersa at sa pinakabatayan, bilang mga tao na mayroon ding dignidad at karapatang mabuhay," dagdag ni Gasic.

*BALITA*

# Mga anomalya sa Eleksyon 2022, inilantad

Inilabas ng grupo ng mga eksperto sa *information technology* (IT) ang mga bagong ebidensya ng dayaan sa Eleksyon 2022. Kinundena nila ang reaksyunaryong gubyerno lalo ang nagdaang rehimeng Duterte at ipinanawagang ideklarang "*void and invalid*" ang Eleksyon 2022 dahil sa pagiging marumi, madaya at anti-demokratiko nito.




Unang inilahad ng grupong Truth and Transparency Trio (TNTrio) ang kanilang mga pag-aaral sa isang *forum* sa National Capital Region (NCR) noong Setyembre 30. Dito, isinawalat nila na iisang pribadong IP *address* (192.168.0.2) ang dinaanan ng boto mula sa higit 20,300 *vote counting machines* (VCMs) ng NCR, Cavite, Laguna, Batangas at Rizal. Sa kanilang pagsusuri, dito naganap ang malawakang pandaraya noong halalan.

Nadagdagan pa ang mga rebelasyon nang sumalang ang Commission on Elections (COMELEC) sa *budget hearing* sa Senado. Inamin nila na gumamit sila ng tinatawag na Telco Exchange-Integrator, isang *device* na dinaanan ng lahat ng boto mula sa kabuuang 107,000 VCMs sa buong bansa, kabilang ang mga dumaan sa kontrobersyal na IP *address* na 192.168.0.2. Gayundin, nabunyag na sa araw bago ang eleksyon, nangyari ang palihim na pagpapalit ng COMELEC ng mga *modem* ng 15,897 VCM sa NCR, Cavite at Batangas. Palusot nila, hindi naman ito makakaapekto sa "*accuracy*" ng resulta.

Kaugnay nito, ang mga progresibong grupo sa Timog Katagalugan ay naglunsad ng *forum* noong Oktubre 28 sa Union Theological Seminary sa Dasmariñas, Cavite para sa tuluy-tuloy na pagsisiwalat ng madayang Eleksyon 2022. Ayon kay General Eliseo Rio, panauhing tagapagsalita sa forum, "Hindi lang posibilidad ang dayaan sa nakaraaang eleksyon, kundi nangyari na nga ito... importante na singilin ng mga Pilipino ang mga nakaupong *officials* at magprotesta."

Dumalo ang mga kinatawan mula sa sektor ng kabataan, taong simbahan, magsasaka at manggagawa sa iba't ibang probinsya sa rehiyon. Sinuportahan dito ang pagbabawal sa Smartmatic na lumahok sa *bidding* sa paparating na *senatorial elections* at ang panukalang gamitin ang *hybrid* na *election system* sa mga susunod na eleksyon. Idiniin dito ang kahalagahan ng papel ng taumbayan para maitulak ang mga repormang ito.

Nagsalita ang kinatawan ng Samahan ng mamamayan para sa banal na boto o SAMBOTO, kung saan diniin nito ang importansya ng pagboboto at ang pangangailangan na ipanatili itong malinis at nagseserbisyo para sa mamamayang Pilipino. Nilahad rin nito ang maikling kasaysayan ng grupo at kung ano ang mga aktibidad na isinagawa nito ng mga huling eleksyon.

Sumama rin sa *forum* ang UP Internet Freedom Network at Bagong Alyansang Makabayan-Timog Katagalugan bilang mga *reactors*. Anila, "Tama ang pagdeklara na *void and invalid* ang naging 2022 *elections*, dahil klaro sa kahit kanino na hindi katanggap tanggap ang mga anomalya na nangyari sa eleksyon. Dapat nating panagutin ang mga nangagasiwa at singilin ang mga nakinabang dito."

Sa *forum*, binuo ang Eleksyong TAMA, isang *network* para sa eleksyong tapat at mapagkakatiwalaan. Ipinaliwanag din ang mga teknikalidad kung paano dinaya ang eleksyon at ipinakita ang mga ebidensya kung paano ito ginawa ng Smartmatic at ng COMELEC.



# Magsasaka ng TK nagmartsa-karaban para sa lupa, pagkain at hustisya




Pinangunahan ng Katipunan ng mga Samahan ng Magbubukid sa Timog Katagalugan (KASAMA-TK) ang paggunita sa Linggo ng Magsasaka sa pamamagitan ng isang martsa-karaban noong Oktubre 19-20. Nilahukan ito ng may 300 magsasaka at iba pang sektor na mula sa TK.

Ipinanawagan ng mga magsasaka na itigil ang walang patumanggang pagpapalit-gamit ng lupa at "*crop conversion*" na nagdudulot ng labis na pagpapahirap sa masang magbubukid at iba pang maralita sa kanayunan. Kinundena nila ang reaksyunaryong gubyernong Marcos-Duterte sa pagpapahintulot sa mga proyektong pumipinsala sa kalikasan at nagreresulta sa kakapusan sa pagkain.

Inungkat ng mga magsasaka ang papel ni Ferdinand Marcos Sr., ama ng kasalukuyang ilehitimong pangulo sa sistematikong pagkakait ng estado ng lupa sa magsasaka. Kinundena nila ang PD 27 ni Marcos Sr. na nagpalala sa kawalan ng lupa at konsentrasyon ng lupa sa iilang naghaharing pamilya.

Bitbit ang mga panawagang ito, nagmartsa-karaban ang delegasyon sa mga opisina ng ahensya ng gubyerno sa Maynila. Una silang tumungo sa Camp Aguinaldo at Department of National Defense kung saan isiniwalat nila ang pagiging bayaran at protektor ng AFP, hukbong sandatahan ng pekeng pangulong Marscos Jr., lokal na naghaharing uri at imperyalismong US.

Sa harap ng Department of Agrarian Reform (DAR), nagsama-sama ang mga magsasaka ng TK, Gitnang Luzon, Bicol, Negros at mga kasapi ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas upang iprotesta ang huwad na reporma sa lupa. Tumakas sa nakatakdang dayalogo sa magsasaka ang mga opisyal ng DAR.


Nagmartsa din sila patungong Department of Environment and Natural Resources (DENR) at Department of Agriculture upang maglunsad ng programa. Tinuligsa at inilantad ng mga magsasaka ang mga kontra-kalikasan at kontra mamamayang patakaran at mga desisyon ng mga naturang ahensya.





Nagtapos ang unang araw ng martsa-karaban sa Gabi ng Pagkakaisa na inilunsad sa University of the Philippines Diliman. Nagtanghal at nagbigay ng mensahe ng pakikiisa ang mga tagasuporta ng mga magsasaka.

Noong Oktubre 20, nagmartsa-karaban naman ang mga magsasaka patungong Mendiola Peace Arc para gunitain ang Linggo ng Magsasaka. Tampok na iniwang mensahe ng tagapangulo ng KASAMA-TK na si Ka Jojo Doroja, "Patuloy naming susubuhan ang talim ng aming mga gulok o itak upang ito ay magamit namin sa pagtatangol sa sarili at mga nakamit na munting tagumpay. Sa mga kabundukan, gagamitin ang apoy ng almasiga upang muling mag-alab ang damdamin ng pakikibaka para sa lupa at kalayaan ng mga magsasaka at katutubo." K

OKTUBRE 2023




# ISANG ALAALA NG DAYAAN







**KAYA NAMAN PALA NANALO SINA MARCOS AT DUTERTE KAHIT ISINUSUKA NA SILA NG MAMAMAYAN...**

**DINAYA ANG ELEKSYONG 2022!**

**MAGNANAKAW NA BONGBONG AT SARA, PAPANAGUTIN!**

**REBOLUSYON, HINDI ELEKSYON!**